Mag-click dito upang MAGSIMULA o I-CLEAR, pagkatapos ay pindutin ang button na TAB

WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF LICENSING

# Pahintulot sa Record ng Driver

Makukuha ng **mga employer, potensyal na employer, volunteer na organisasyon, o kanilang mga ahente** ang mga record sa pagmamaneho para sa isang empleyado, potensyal na empleyado, o volunteer kapag pinahintulutan ng indibidwal na nagmamay-ari ng hinihiling na record ng driver. Gamitin ang form na ito para makuha ang kanyang pahintulot.

- Kumpletuhin ang seksyong Kumpanya.
- Ibigay ang form na ito sa iyong empleyado, potensyal na empleyado, o volunteer para makumpleto ang kanyang seksyon.
- Para sa pag-audit, panatilihin sa mga record mo ang nakumpletong form na ito nang hindi bababa sa limang taon. Huwag ipapadala ang form na ito sa Department of Licensing.
- Kung hindi ma-hire ang potensyal na empleyado o volunteer, itapon ang form ng pahintulot pagkalipas ng 30 araw.
- Kailangan ang isang bagong form ng pahintulot kung may driver na babalik sa lugar ng trabaho pagkatapos ng panahon ng pag-alis sa serbisyo.

**Mga selyadong juvenile record.** Ang impormasyong nakasaad sa isang record sa pagmamaneho na nauugnay sa isang selyadong juvenile record ay hindi maaaring gamitin para sa anumang layunin maliban na lang kung iniaatas ng batas ng pederal na pamahalaan. Ang empleyado o potensyal na empleyado ay maaaring magbigay ng kopya ng kautusan ng hukuman na nagseselyo sa juvenile record na maaari lang i-access ng employer, potensyal na employer, o kanyang ahente.

## Kumpanya – Kukumpletuhin ng kumpanya o ng ahente ng kumpanya

**I-PRINT o I-TYPE** Pangalan ng kumpanya

Mga pangalan ng kumpanya ng ahente *(kung naaangkop)*

Address ng kumpanya/Address ng kumpanya ng ahente

| Pangalan ng awtorisadong kinatawan | Titulo |
|---|---|
| | |

Sagutin ang mga sumusunod

1. Ang kumpanya bang ito ay isang employer, potensyal na employer, o volunteer na organisasyon ng indibidwal na nagmamay-ari ng hinihiling na record sa pagmamaneho? . . . ☐ Oo ☐ Hindi
2. Ang record ba na hinihiling mo ay kinakailangan para sa pagtatrabaho na may kaugnayan sa pagmamaneho ng empleyado o potensyal na empleyado bilang kundisyon ng pagtatrabaho o sa pagmamaneho ng volunteer ayon sa iniuutos ng volunteer na organisasyon? . . . ☐ Oo ☐ Hindi
3. Sumasang-ayon ka ba na gagamitin ang impormasyong nakasaad sa record na ito para lang sa layuning ito at hindi mo ibubunyag ang record sa isang third party maliban na lang kung pinapahintulutan ng batas?. . . ☐ Oo ☐ Hindi
4. Sumasang-ayon ka bang hindi papanagutin ang Department of Licensing ng Estado ng Washington para sa lahat ng usaping nauugnay sa pag-release ng hinihiling na record sa pagmamaneho?. . . ☐ Oo ☐ Hindi

Sertipikasyon

*Idinedeklara ko sa ilalim ng parusa ng perjury sa ilalim ng batas ng Washington na ang nabanggit ay totoo at wasto.*

X Kapag tapos na, paki-print ito at lumagda rito.

Petsa at lugar — Lagda ng awtorisadong kinatawan

## Empleyado, potensyal na empleyado, o volunteer–

Kukumpletuhin ng indibidwal na nagmamay-ari ng hinihiling na record ng driver

| **I-PRINT o I-TYPE** Buong pangalan *(Pangalan, Gitnang Pangalan, Apelyido)* | Petsa ng kapanganakan *(mm/dd/yyyy)* | Numero ng lisensya ng driver sa WA |
|---|---|---|
| | | |

Pahintulot mula sa

☐ Empleyado – para sa pag-release ng aking record sa pagmamaneho para sa pagtatrabaho para sa buong termino ng pagtatrabaho ko.

☐ Potensyal na empleyado – para sa pag-release ng aking record sa pagmamaneho para sa pagtatrabaho, hindi lalampas nang 30 araw mula sa petsa kung kailan lumagda, maliban na lang kung na-hire para sa posisyon.

☐ Volunteer – para sa pag-release ng aking record sa pagmamaneho para sa posisyong gustong makuha kung saan kinakailangan kong magmaneho ayon sa iniuutos ng volunteer na organisasyon.

Pangalan ng employer, potensyal na employer, o volunteer na organisasyon

Pangalan ng kumpanya ng ahente ng employer kung kumikilos sa ngalan ng kumpanya para sa pagtatrabaho

Pahintulot

*Isa akong empleyado, potensyal na empleyado, o volunteer ng kumpanya na may pangalang nakasaad sa itaas at hinihiling ko na magpadala sa kanila/kanilang ahente ng kopya ng aking record sa pagmamaneho sa Estado ng Washington.*

X Kapag tapos na, paki-print ito at lumagda rito.

Lagda — Petsa

RCW 46.52.130